

# CARE Act

## Batas sa Pagtulong, Pagpapagaling, at Pagpapalakas sa Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment Act)

### Isang Pagsulyap sa CARE Act

Ang Batas sa Pagtulong, Pagpapagaling, at Pagpapalakas sa Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment, CARE Act) ay isang bagong proseso ng hukumang sibil na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may ilang partikular na karamdaman sa kalusugang pangkaisipan at nakaaabot sa iba pang pamantayan. Pinahihintulutan ng CARE Act ang mga espesipikong tao (kilala bilang "mga nagpepetisyon") na humiling para makapasok ang isang indibidwal sa proseso ng CARE. Ang proseso ng CARE ay may isinasagawang mga pagtatasa at pagdinig upang matukoy kung ang indibidwal (kilala bilang "respondent") ay karapat-dapat. Kung karapat-dapat ang respondent, maaaring gumawa ng isang boluntaryong kasunduan sa CARE o

plano sa CARE na iniutos ng hukuman nang hanggang 12 buwan, na may posibilidad na mapalawig nang 12 buwan pa. Kasama sa kasunduan o planong ito ang mga serbisyong matatanggap ng indibidwal, tulad ng mga serbisyong pangkalusugan hinggil sa pag-uugali, paggamot sa sakit kaugnay ng paggamit ng droga at pag-inom ng alak, pabahay, at mga suporta sa komunidad.

### MGA PARAAN NG PAGPASOK

Mga paraan ng **pagpasok** para sa mga taong may hindi ginagamot na sakit sa pag-iisip na nakaaabot sa pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan. Maaaring irekomenda ng ilang hanay ng tao na humingi ng tulong ang isang tao.

Tagapagkaloob ng

Pangangalagang  
Pangkalusugan ng Pamilya  
Kalusugang pangkaisipan sa  
county

Mga unang tagapag responde

Mga tagapagkaloob ng  
serbisyong panlipunan

### PROSESO NG CARE

Bagong proseso ng hukumang sibil para **iugnay at bigyang-prioridad** ang paggamot, mga serbisyong pansuporta, at pabahay.



### MGA PARAAN NG PAGLABAS

Maraming paraan ng **paglabassa** proseso ng CARE.

Maagang pagsali  
sa mga serbisyong  
paggamot sa county.

Pagtatapos mula sa  
isang **kasunduan sa  
CARE** o **plano sa  
CARE**.

### PATULOY ANG TULONG

**Sa pagtatapos** ng proseso, maaaring magpatuloy ang tulong.

Ang mga  
direktang serbisyo  
ng county ay  
maaaring  
magpatuloy,  
kung  
kinakailangan.

## Sino ang karapat-dapat para sa CARE?

Pinagpapasiyahan ang kwalipikasyon batay sa bawat kaso. Ang kawalan ng tirahan at sakit pangkaisipan lamang ay hindi sapat para maabot ang mga kinakailangang kwalipikasyon. Dapat maabot ng isang respondent ang lahat ng sumusunod na pamantayan upang maging karapat-dapat para sa CARE:

- 18 taong gulang pataas.
- Nasuring may schizophrenia spectrum disorder o isa pang sakit sa pag-iisip na nasa parehong kategorya.
- Kasalukuyang nakararanas ng sakit pangkaisipan na:
  - Nasa malubhang antas at may panahong itinatagal,
  - Maaaring maging sanhi ng pag-uugali na lubos na nakasasagabal sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay, at
  - Maaaring humantong sa kawalan ng kakayahang mapanatili ang matatag na pagkakaangkop at malayang pagkilos nang walang paggamot, suporta, at rehabilitasyon sa loob ng mahaba o walang tiyak na panahon.
- Hindi klinikal na napanatili ang katatagan sa patuloy na boluntaryong paggamot.

Bukod dito, dapat ay totoo ang isa man lang sa mga sumusunod:

- Malamang na hindi kakayananing mamuhay nang ligtas ng respondent nang walang nangangasiwa **at** lumalala nang husto ang kondisyon ng respondent.
- Kailangan ng respondent ng mga serbisyo at suporta para maiwasan ang pagbabalik sa dating kalagayan o paglala na malamang na magresulta sa matinding kapansanan o malubhang perhuwisyo sa respondent o sa iba.

Ang paglahok ng respondent sa isang plano sa CARE o kasunduan sa CARE ay dapat na:

- Pinaka-hindi naglilimitang alternatibo na mahalaga para matiyak ang paggaling at katatagan ng respondent, **at**
- Malamang na kapaki-pakibang sa respondent.

Kinakailangang magbigay ng mga nagpepetisyon ng mga detalye at pansuportang impormasyon sa oras ng paghahain (ng petisyon) upang ipakita na ang isang respondent ay karapat-dapat para sa mga proseso sa CARE Act (tingnan ang form na [CARE-050-INFO](#)). Dapat na kasama sa pansuportang dokumentasyon ang pahayag ng isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan hinggil sa pag-uugali ([form CARE-101](#)) o katibayan na nadetine ang respondent para sa hindi bababa sa dalawang masusing paggamot, na ang pinakahuli ay sa loob ng nakaraang 60 araw.

Tingnan ang [Impormasyon tungkol sa Kwalipikasyon](#) at [Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act para sa Mga Nagpepetisyon](#) para sa higit pang impormasyon.

Ang kawalan ng tirahan at sakit pangkaisipan lamang ay hindi sapat para maabot ang mga kinakailangang kwalipikasyon.

## Sino ang maaaring maghain ng petisyon?

Ang mga nagpepetisyon ay dapat na 18 taong gulang pataas at akma sa isa sa mga sumusunod na kategorya:

- Isang taong nakatira kasama ng respondent.
- Asawa o rehistradong kinakasama, magulang, kapatid, anak, o lolo't lola ng respondent.
- Isang taong tumatayo bilang magulang ng respondent.
- Direktor ng isang ospital, o kanilang itinalaga, kung saan ang respondent ay ipinaospital o naospital kamakailan lamang.
- Direktor ng isang ahensyang pampubliko o pangkawanggawa, o kanilang itinalaga, na nagbigay sa loob ng nakaraang 30 araw o kasalukuyang nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan hinggil sa pag-uugali sa respondent o sa institusyon kung saan nakatira ang respondent.
- Isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, o kanilang itinalaga, na nangangasiwa sa o pinangangasiwaan ang paggamot o paggagamot sa respondent para sa sakit pangkaisipan sa loob ng nakaraang 30 araw.
- Direktor ng isang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, o kanilang itinalaga, ng county kung saan nakatira o matatagpuan ang respondent.
- Isang unang tagapag-respondente na nagkaroon ng paulit-ulit na pakikipag-ugnayan sa respondent.
- Isang hukom ng korteng pantribu na matatagpuan sa California, o kanilang itinalaga.
- Ang respondent.

Tandaan: Pagkatapos ng unang pagharap, ang orihinal na nagpetisyon ay hahalinhan ng direktor ng ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, o isang itinalaga.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act para sa Mga Nagpepetisyon](#).



## Ano ang nangyayari sa proseso ng CARE?

Kapag naihain, sinusuri ng korte ang petisyon upang matukoy kung naabot ng isang respondent, o maaaring maabot, ang pamantayan para sa CARE. Idi-dismiss ng korte ang petisyon, mag-uutos ng ulat mula sa isang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, o magtatakda ng paunang pagharap sa korte.

Kung mapatunayang karapat-dapat ang respondent, makikipagtulungan ang korte sa ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, ang respondent, abogado ng respondent, at isang boluntaryong tagasuporta (kung naaangkop) para iugnay ang respondent sa mga serbisyo. Ang pag-uugnay na ito ay mangyayari sa pamamagitan ng boluntaryong pakikipag-ugnayan, isang kasunduan sa CARE, o isang plano sa CARE.

Kung malamang na walang mabubuon kasunduan sa CARE, magkakaroon ng isang klinikal na pagsusuri. Kung matukoy ng pagsusuring ito na karapat-dapat ang respondent, mag-uutos ang korte ng isang plano sa CARE. Magkakaroon ng serye ng mga pagdinig para sa pagsusuri sa katayuan habang tumatanggap ang respondent ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano sa CARE.

Sa ika-11 buwan, magkakaroon ng 1-taong pagdinig para sa pagsusuri sa katayuan upang matukoy ang mga susunod na hakbang. Ang kalahok ay maaaring magtapos o muling mahirang nang hanggang 1 pang taon. Makaraang makapagtapos sa proseso ng CARE, mananatiling karapat-dapat ang kalahok sa patuloy na paggamot, mga serbisyong pansuporta, at pabahay sa komunidad upang suportahan ang pangmatagalang paggaling.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng CARE, tingnan ang [Daloy ng Proseso ng CARE Tungo sa Paggamot, Pabahay, at Suporta](#).

## Ano ang kasunduan sa CARE o plano sa CARE?

Ang kasunduan sa CARE at plano sa CARE ay mga dokumentong tumutukoy sa mga serbisyo para suportahan ang paggaling at katatagan ng respondent.

Ang kasunduan sa CARE ay isang boluntaryong kasunduan sa pagitan ng respondent at ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali pagkatapos matukoy ng korte na ang respondent ay karapat-dapat para sa proseso ng CARE. Kung walang mabuon kasunduan sa CARE, maaaring mag-uutos ang korte na lumikha ng plano sa CARE.

Kasama sa CARE plan ang isang hanay ng mga serbisyo at suportang naaayon sa komunidad na iniutos ng korte. Magkakaroon ng mga pagdinig para sa pagsusuri sa katayuan upang repasuhin ang pag-unlad at mga hamon. Maaaring baguhin ang mga serbisyo at suporta sa plano sa CARE para suportahan ang tagumpay ng respondent.

Kung kasama sa plano o kasunduan sa CARE, inirereseta ang mga gamot para sa pagpapanatili ng katatagan (stabilizing medications) ng manggagamot na lisensyadong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan hinggil sa pag-uugali. Makikipagtulungan ang CARE team sa respondent upang tugunan ang mga alalahanin ukol sa gamot at gumawa ng mga pagbabago sa plano ng paggamot kung kinakailangan.

## Anong pabahay na mayroon para sa isang respondent sa CARE?

Isang mahalagang bahagi ng CARE ang pabahay. Maaaring kabilang sa mga opsyon sa pabahay ang:

- Klinikal na pinahusay (clinically enhanced) na pansamantala o bridge housing
- Mga lisensyadong pasilidad para sa pangangalaga sa mga may edad at matatanda
- Sumusuportang pabahay
- Pabahay kasama ang pamilya at mga kaibigan

Para suportahan ang mga pangangailangan sa pabahay ng respondent, maaaring maglabas ang korte ng mga utos na bigyang-prioridad ang mga serbisyo at suportang ito.

## Kailan magkakaroon ng mga serbisyo kaugnay ng CARE Act?

May dalawang yugto sa pagpapatupad ng CARE Act. Ipinatupad ng mga county ng Glenn, Orange, Riverside, San Diego, Stanislaus, Tuolumne, at San Francisco (Cohort I) ang CARE Act noong Oktubre 1, 2023. Plano ng County ng Los Angeles na magpatupad bago mag-Disyembre 1, 2023, at kailangang ipatupad ng lahat ng iba pang county (Cohort II) ang CARE Act bago mag-Disyembre 1, 2024.

## Paano tinitiyak ng CARE ang pagkakaroon ng pananagutan?

Ang pagkakaroon ng pananagutan ay may dalawang kahihinatnan. Kung hindi matagumpay na makumpleto ng isang respondent ang isang plano sa CARE, maaaring gamitin ng korte ang umiiral na batas para matiyak ang kanilang kaligtasan. Pinapanagot din ng CARE Act ang mga lokal na pamahalaan. Kung hindi nila matupad ang kanilang mga tungkulin sa ilalim ng CARE, maaari silang pagmultahin.



## Anong mga karapatan mayroon ang isang respondent?

Sinusuportahan ng CARE Act ang isang tahaking tungo sa paggaling na sariling pinagpasiyahan. May karapatan ang mga respondent na:

- Malaman ang mga proseso.
- Makilahok sa mga proseso.
- Kakatawanin ng isang abogado sa lahat ng yugto ng proseso.
- Palitan ang abogado na hinirang ng korte (inilalaan nang walang bayad) ng isang abogado na kanilang pinili.
- Tumanggap ng kopya ng petisyon at anumang mga ebalwasyon o ulat na iniutos ng korte.
- Magkaroon ng boluntaryong tagasuporta<sup>1</sup> na kanilang pinili sa buong proseso.

Kung kailangan ng respondent ng pagsasalin o mga pagpapaunlak para sa may kapansanan, maaaring humiling sa korte.

## Saan ako makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa CARE Act?

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa: [Sentro ng Mapagkukunan hinggil sa CARE Act](#), lugar ng [DHCS CARE Act](#), lugar ng [CalHHS CARE Act](#), at [lugar ng CARE Act ng Konsehong Panghukuman](#). Maaari ka ring magpadala ng mensahe sa [info@CARE-Act.org](mailto:info@CARE-Act.org) para humiling ng higit pang impormasyon.

## Mga Sipi ng Batas

- **Mga depinisyon:** [California Welfare and Institutions Code \(W&I Code\) section 5971](#)
- **Kwalipikasyon:** [Seksyon 5972 ng W&I Code](#)
- **Petisyon:** [Seksyon 5974](#) at [5975 ng W&I Code](#)
- **Mga karapatan ng respondent:** [seksyon 5976](#), [5976.5](#), [5977.2](#), at [5977.3 ng W&I Code](#)
- **Proseso ng korte:** [Seksyon 5977](#), [5977.1](#), [5977.2](#), at [5977.3 ng W&I Code](#)
- **Mga serbisyo:** [Seksyon 5977.1 ng W&I Code](#)
- **Pagiging kumpidensiyal:** [Seksyon 5976.5](#), [5977.1\(c\)\(5\)](#), at [5977.4 ng W&I Code](#)